


“Ito ang iniibig kong Anak, na sa kaniya ay lubos akong nalulugod”



**MAKINIG KA
SA KANIYA!**

Sa Biblia, isang utos ang nanggaling sa Diyos, **"Makinig ka sa kaniya!"** Nagsalita siya tungkol sa iniibig niyang Anak na si Jesus. Kung hindi mo natitiyak kung ano ang mangyayari sa iyo pagkamatay mo, bakit hindi mo basahin at alamin kung ano ang sinabi ni Jesus na mangyayari?

Makinig ka sa kaniya! *At kung ang sinumang tao ay marinig ang aking mga salita, at hindi manampalataya, ay hindi ko siya hinahatulan: sapagka't ako ay dumating hindi upang hatulan ang sanlibutan, kundi upang iligtas ang sanlibutan. Siya na nagtatakuwil sa akin, at hindi tinatanggap ang aking mga salita, ay may isa na humahatol sa kaniya: ang salita na aking nasabi, ito rin ang hahatol sa kaniya sa huling araw. (Juan 12:47,48) Kung itinatakuwil mo si Jesus, darating ang isang araw na hahatulan ka ng Kaniyang salita.*

Makinig ka sa kaniya! *Sinabi ko samakatuwid sa inyo, na kayo ay mamamatay sa inyong mga kasalanan: sapagka't kung kayo ay hindi sumasampalataya na ako ay siya, kayo ay mamamatay sa inyong mga kasalanan. (Juan 8:24) Sapagka't ang lahat ay nagkasala; at hindi nakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos. (Roma 3:23) Kung hindi ka sumasampalataya kay Jesus, ikaw ay mamamatay sa iyong mga kasalanan.*

Makinig ka sa kaniya! *Sinabi ni Jesus sa kaniya, Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay: walang taong makalalapit sa Ama, kundi sa pamamagitan ko. (Juan 14:6) Sinabi ni Jesus na hindi ka makakarating sa langit kung wala siya. Walang ibang paraan!*

Makinig ka sa kaniya! *Siya na sumasampalataya sa kaniya ay hindi hinatulan: datapuwa't siya na hindi sumasampalataya ay hinatulan na, dahil hindi siya nanampalataya sa pangalan ng bugtong na isinilang na Anak ng Diyos. (Juan 3:18) Kung hindi ka sumasampalataya kay Jesus, ikaw ay hinatulan na...sa nagliliyab na Impiyerno!*

Makinig ka sa kaniya! *Sapagka't ang Anak ng tao ay naparito upang iligtas yaong nawala. (Mateo 18:11) Kung nawawala ka... ikaw ay kailangang mailigtas mula sa Poot ng Diyos. Ni walang kaligtasan sa kaninumang iba: sapagka't walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa gitna ng mga tao, siyang ating dapat ikaligtas. (Ang mga Gawa 4:12)*

Makinig ka sa kaniya! *Sapagka't sila na mga walang-pagkaalam sa katuwiran ng Diyos, at nagsisikap na maitatag ang kanilang sariling katuwiran, ay hindi nagpasakop ng kanilang mga sarili sa katuwiran ng Diyos. (Roma 10:3) Kailangan mo ang katuwiran ng Diyos--kung wala ito, ikaw ay pupunta sa impiyerno. Sa oras ding ito ay maaari mong tanggapin ang katuwiran ng Diyos. Datapuwa't gaya ng marami na tumanggap sa kaniya, ay ibinigay niya sa kanila ang kapangyarihan upang maging mga lalaking anak ng Diyos, samakatuwid sa kanila na nananampalataya sa kaniyang pangalan. (Juan 1:12) Manalangin ka kay Jesus, hilingin mo sa kaniya na pumasok Siya sa iyong puso, iligtas ka at patawarin ka sa iyong mga kasalanan. Na kung ipahahayag mo sa iyong bibig ang Panginoong Jesus, at mananampalataya sa iyong puso na binuhay siya ng Diyos mula sa mga patay, ikaw ay maliligtas. (Roma 10:9)*

Makinig ka sa kaniya! *Ang langit at lupa ay lilipas, datapuwa't ang aking mga salita ay hindi lilipas. (Mateo 24:35) Ang mga salitang sinabi ni Jesus ay nananatiling may katiyakan. Ngayon, bukas, at magpakailanman! At gaya ng ito ay itinakda sa mga tao na minsang mamatay, nguni't pagkatapos nito ay ang paghuhukom. (Hebreo 9:27) Alam mo ba na ang bersikulong ito sa Biblia ay 50% na isang katotohanang napatunayan? Isang katotohanan na ikaw ay mamamatay....nakakatiyak ka rin na ikaw ay hahatulan...ng salitang sinabi ni Jesus!*

Ano ang iyong kapasiyahan?

Pinipili ko na itakuwil si Jesus... *Makinig ka sa kaniya!*
Datapuwa't sinumang magkakaila sa akin sa harap ng mga tao, siya ay akin ding ikakaila sa harap ng aking Ama na nasa langit. (Mateo 10:33) At siya na hindi sumasampalataya sa Anak ay hindi makikita ang buhay; kundi ang poot ng Diyos ang nananahan sa kaniya. (Juan 3:36b)

Pinipili ko na tanggapin si Jesus bilang aking tagapagligtas... *Makinig ka sa kaniya!*
At ako ay nagbibigay sa kanila ng walang-hanggang buhay; at sila ay hindi kailanman mapapahamak, ni maaagaw sila ng sinumang tao mula sa aking kamay. (Juan 10:28) Siya na kinaroroonan ng Anak ay may buhay; at siya na hindi kinaroroonan ng Anak ng Diyos ay walang buhay. (1 Juan 5:12)

Kung tinanggap mo si Jesu-Cristo bilang sariling tagapagligtas matapos basahin ang pulyeton ito, sana'y aming malaman sa pamamagitan ng pagpapadalang muli ng babasahing ito.

Pangalan _____

Tirahan _____

Siyudad _____ Zip _____

Probinsiya _____ Edad _____



FELLOWSHIP TRACT LEAGUE

P.O. BOX 164 • LEBANON, OH 45036

www.fellowshiptractleague.org © Tract 6020 (Tagalog)

All tracts free as the Lord provides. Not to be sold.